

Aralin 3 – Pagbabago sa Bayan

Ako ay nagmula sa isang pamilyang makabayan. Ang aking ama ay dating lider ng grupong aktibista. Kung kaya't nuong ako ay nasa *high school* pa lamang ako ay laman na ng kalsada. Aking ipinakikita ang aking pag-ibig at pag-galang sa bayan sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga rali at demonstrasyon laban sa pamahalaan. Ngunit ito ba ang ibig sabihin ng pag-galang sa bayan?

Nuong Marso taong 1984, habang aking hinihintay ang aking kapatid sa kanyang paaralan, isang lalaki ang lumapit sa akin at nagpakilala. Sa aming pag-uusap kanya akong inihatid sa isang talata sa Biblia na nagsasabing, *“Kaya’t ang sinumang nakipag-isa na kay Cristo ay isa nang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan nyo, ang lahat ay naging bago”* (II Mga Taga-Corinto 5:17 FSV). Sinabi niya na ang tunay na pagbabago ay nagmumula sa personal na relasyon sa Diyos na matatagpuan kay Kristo Hesus.

Sa aming talakayan, aking naisip na ang tunay na solusyon sa suliranin ng ating lipunan ay di ang pagpapalit ng mga namumuno sa ating bayan kundi ang pagbabago sa buhay ng bawat indibidwal na bumubuo sa ating lipunan. Kung totoo ang sinasabi ng Biblia na ang *‘sinumang na kay Cristo ay isa nang bagong nilikha’*, ang ating bayan ay may pag-asa. Sapagkat kung mababago ang bawat idibidwal na bumubuo ng lipunan, mababago ang lipunan, ganoon din ang bayan.

Akin itong sinubukan. Aking isinuko ang aking sarili sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Aking inamin ang aking kahinaan, na ako ay makasalanan at nangangailangan ng taga-pagligtas. Tinaggap ko si Hesus bilang handog ng Diyos na siyang nagbayad ng aking sala sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya sa panalangin.

Mula nuon, kinitaan ko ng pagbabago ang aking buhay. Dati-rati’y di ako makapagsalita ng tuloy-tuloy na walang halong masasamang salita o mura. Ito ang unang binago ng Diyos sa akin, at sinundan pa ng maraming pagbabago. Ngunit ang isang di nagbago sa akin ay ang aking pag-ibig sa aking bayan. Kung kaya’t ninanais ko na ang bawat indibidwal na bumubuo ng ating lipunan ay magkaroon ng oportunidad na baguhin ng ating Diyos. Hindi sapat ang mangarap lamang ng mabuti at matuwid na lipunan, kinakailangan nating kumilos upang ang pangarap na ito ay maisakatuparan... sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Nakaranas ka na ba ng tunay na pagbabago sa iyong buhay?
2. Ano-ano ang pagbabago na nais mong makita sa iyong sarili? Sa iyong komunidad? Sa iyong bayan?
3. Naisuko mo na bas a Diyos ang iyong buhay at nagdesisyon na gawing panginoon ng iyong buhay si Hesus? Kung oo, kailan at paano?